

MGA ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO KAUGNAY SA PASALITANG PARTISIPASYON NG MGA MAG-AARAL SA LOOB NG SILID-ARALAN

Joenard L. Tuastomban

Faculty, Basic Education, Misamis University, Philippines

ABSTRAK: Ang mga estratehiya sa pagtuturo ay mahalagang kasangkapan sa paghahatid ng mabisang pagtuturo sa loob ng silid. Tinukoy sa pag-aaral na ito ang antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral sa pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay bilang mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino at pasalitang partisipasyon ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Misamis University Junior High School, Ozamiz City. Ang ginamit na disenyo sa pananaliksik na ito ay deskriptiv-correlational. Ang mga datos sa pag-aaral ay nagmula sa kabuuang populasyon na 120 na mag-aaral at tatlong mga guro na tagamasid sa pasalitang partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang Talatanungan sa Kagamitan sa Pagtuturo ng Panitikan at Checklist batay sa Obserbasyon sa Pasalita na Partisipasyon ay ang instrumentong ginamit sa pagkalap ng datos. Mean, standard deviation, Analysis of Variance at Pearson Product-Moment Correlation Coefficient ang mga ginamit na estatistiko na sangkap. Inihayag sa naging resulta na ang tatlong piling estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino ay may pinakamataas na antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral. Ang antas ng pakilahok ng mga mag-aaral sa paggamit ng tatlong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ay pinakamataas na nagpapahiwatig na aktibong nakilahok ang mga mag-aaral sa mga gawain. Inihayag din na walang makabuluhang kaibahan sa antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino. Ito ay nangahulugan na gustong-gusto ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng mga estratehiya sa pagtuturo. Walang makabuluhang kaugnayan ang kagustuhan sa mga estratehiya at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Hindi nakaapekto sa kanilang pakikilahok ang anumang estratehiyang ginamit ng guro.

KEYWORDS : *stratehiya, karanasan, pagsasadula, pagtuturo, pangkatang talakayan*

I. INTRODUKSYON

Isa sa mga pinanghahawakan ng isang paaralan, guro at mag-aaral ay ang “Dekalidad na Edukasyon”. Ito ay responsibilidad ng guro kung paano siya makapagplano ng mga estratehiya na makapagbibigay daan tungo sa mas maunlad at produktibo na resulta sa pasalita na partisipasyon, performans at interes ng mga mag-aaral (Sheikh & Mahmood, 2014). Ang pag-unawa at pagtukoy kung paano natututo ang mga mag-aaral sa proseso ng pag-aaral ay isang susi sa pagiging epektibo (Yamashita, 2013). Ang epektibong pagtuturo ay nangangailangan ng flexibility, enerhiya at pagpapanatili (Kamboj & Singh, 2015).

Sa Germany at Switzerland, ang verbal na pakikipagtalastasan ng guro sa pakikibaka ng mga mag-aaral ay isa sa mga pamamaraan na ginamit upang malaman ng guro ang kakayahan ng bata sa pagsasalita sa maraming tao. Ito ay naging makabuluhan para sa pag-aaral at pagganyak ng mag-aaral (Jurik et al., 2014). Ang pagiging masigasig ng isang guro ay isang salik na nagbigay interes sa mga mag-aaral na matuto. Ito ay nangangahulugan na walang batang matatakot sa pagkatuto kung ang isang guro ay masigasig sa pagtuturo. Malayang nakapagbahagi ng saloobin ang mga mag-aaral dahil sa katangian na taglay ng isang guro (Keller et al., 2014).

Ang matagumpay na pagtuturo ang kailangan ng mga guro upang matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral at maunawaan ang mga pagkakaiba-iba sa mga estilo at pamamaraan ng mag-aaral (Wyse et al., 2013). Maaaring magawa ng mga guro ang mga pangailangan ito sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Kung ang mga guro ay gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nakalantad sa parehong mga pamilyar at di-pamilyar na mga paraan ng pag-aaral na nagbigay ng kaginhawahan at pag-igting sa panahon ng proseso, sa huli ay nagbigay sa mga mag-aaral ng maraming mga paraan upang magtagumpay (Aggabao & Guiab, 2014).

Ang mga estratehiya ng guro ay partikular na mahalaga para sa pamamahala ng paglahok ng mag-aaral sa isang silid-aralan. Dapat mag-aral ang mga mag-aaral sa mga gawain sa pag-aaral, anuman ang mga uri ng mga gawain, upang maabot ang kinalabasan ng pagkatuto (Pan & Wu, 2013). Sa pamamagitan ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng literatura, ang mga mag-aaral ay maaaring pinahahalagahan kung paano mahalalin at unawain ang mga tekstong pampanitikan na kanilang nabasa (Carter & McRae, 2014). Kung ano ang mangyayari sa silid-aralan ay nakadepende sa kakayahan ng guro na mapanatili ang mga interes ng mga mag-aaral; ang mga guro ay may mahalagang papel sa pagpapalit ng mga pagbabago sa silid-aralan (Monto et al., 2013).

Sa Misamis University, Lungsod ng Ozamiz, napag-alaman na ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ay tila walang interes sa pagbabasa ng mga gawaing pampanitikang matatagpuan sa kanilang mga aklat sa Filipino. Bihirang makita ng mga guro ang kanilang mga estudyante na magbasa ng kanilang mga aklat sa Filipino sa libreng oras. Ipinakita ng mga mag-aaral na kulang ang kanilang interes na lumahok sa pasalitang partisipasyon kapag nakatuon ang mga aralin sa pagtuturo ng panitikan. Ang mga mag-aaral ay walang pasubali sa pagbabahagi ng mga ideya, sa pagbibigay ng mga paliwanag, at pagsagot sa mga tanong. Ang mga obserbasyon na ito ang dahilan para ang mananaliksik ay humantong sa pagsagawa ng pag-aaral.

II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Sinuri sa pag-aaral na ito ang relasyon sa pagitan ng mga estratehiya na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng panitikan at ang pasalitang partisipasyon ng mga mag-aaral ng Baitang 7 ng Misamis University, Ozamiz City. Layunin ng pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral sa pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay bilang mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino;
2. Nasusuri ang makabuluhang kaibahan sa antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino;
3. Natutukoy ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino; at
4. Nasusuri ang makabuluhang kaugnayan sa kagustuhan sa mga estratehiya at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino

III. PAMAMARAAN

Ang ginamit na disenyo sa pag-aaral na ito ay deskriptiv-correlational. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at ang dalas na may ilang mga phenomena na naganap gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Sa kabilang banda, ang isang pananaliksik na may kaugnayan sa pakikipag-ugnayan ay nagpaliwanag ng pagkaugnay-ugnay sa mga baryabol ng interes nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit & Hungler, 2013). Ang disenyong ito ay itinuring na angkop para sa pag-aaral na naglalayon upang matukoy ang antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral patungo sa mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo sa pag-aaral ng panitikang Filipino na may kaugnayan sa pakikilahok o partisipasyon sa loob ng silid-aralan sa Baitang 7.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa pribadong paaralan ng Misamis University sa Departamento ng Junior High School, Taong Panuruan 2017-2018. Ang Misamis University ay isang pribadong pag-aari, bukas sa lahat ng relihiyon, non-profit na institusyong pang-edukasyon na itinatag ng pamilyang Feliciano. Sinuportahan ng MU ang mahigit 8,000 mag-aaral bawat taon sa kanyang 7.5 hektarya na kampus sa Ozamiz at Oroquieta, sa Pilipinas. Tumatanggap ito ng mga mag-aaral mula elementarya hanggang kolehiyo. Nag-alok ito ng iba't ibang kurso sa kolehiyo na kung saan matatamo ang kalidad ng edukasyon. Ito ay matagpuan sa Feliciano Street, Aguada Ozamiz City. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral na nasa Baitang 7. Ito ay binubuo ng tatlong seksyon na may kabuuang bilang ng mga mag-aaral na 136. Mula sa kabuuang bilang ng respondent ay 120 na mag-aaral ang kinuha. Ang pribadong paaralan na nabanggit ay tinaguriang "Autonomous na paaralan."

IV. RESULTA AT TALAKAYAN

Antas ng Kagustuhan ng mga Estudyante sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino

Ang datos na ipinapakita sa mga piling estratehiya sa pagtuturo tulad ng pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay na ginamit ng guro sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino ay pinakamataas na ginusto ng mga mag-aaral (Talahanayan 1). Ang paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay bilang estratehiya sa pagtuturo ay nakakuha ng may pinakamataas na kagustuhan ng mga mag-aaral na may mean na 52.83. Ito ay sinundan ng pangkatang talakayan na may mean na 52.11 na inilalarawan din bilang pinakamataas na kagustuhan ng mga mag-aaral at ang pagsasadula na may mean na 52.06, kapwa pinakamataas na kagustuhan na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino.

Ang mga mag-aaral ay pinakamataas na ginusto ang mga estratehiya na ginagamit sa pagtuturo ng panitikan tulad ng pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagustuhan ang mga aktibidad na ibinigay ng kanilang guro. Ang mga mag-aaral ay nabigyang pagkakataon na makapagbahagi na nagpapaganyak sa kanila na makilahok nang pasalita. Ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa kritikal na pag-iisip at ibinahagi ang kanilang mga ideya sa loob ng grupo upang hindi sila mag-aatubiling ipahayag ang kanilang mga ideya. Ang pagpapahalaga sa pagkakaisa at pagtutulungan sa kapwa mag-aaral ay kitang-kita sa panahon sa proseso ng pagtuturo kung saan ang mga mag-aaral ay nagpapalitan ng kanilang mga ideya sa kanilang kasapi. Nakatutulong ito nang madali sa mga mag-aaral na unawain nang buo ang akdang pinag-aralan. Naging interesado ang mga mag-aaral na magbasa nang higit pang mga akda para sa mga aktibidad na nag-udyok sa kanila na mahalín ang pagbabasa at pinakamahalaga, nadama nila ang pananabik at saya sa pagsasagawa sa ibinigay na mga gawain. Napagmasdan ng mga guro ang interes at kagalakan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawain na ibinigay.

Ang paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay ang pinakamataas na ginusto ng mga mag-aaral. Nakita ng mga mag-aaral na madaling mauunawaan at maiuugnay ang kanilang sarili sa paksang tinalakay. Napansin ito sa mga obserbasyon ng klase na ang mga mag-aaral ay naging emosyonal habang sila ay nagbahagi ng mga karanasan sa kanilang buhay. Napagtanto ng mga guro na bawat mag-aaral ay may mga hinanaing na nararamdaman sa kanilang mga sarili kung bakit ganoon na lamang ang mga pag-uugaling kanilang ipinapakita sa loob ng paaralan. Sinabi ng mga tagamasid na ang isa sa mga epektibong paraan sa pag-alam ng mas malalim sa mga mag-aaral ay sa pamamagitan ng pagkonekta sa bawat aralin sa mga tunay na karanasan sa buhay kung saan ang mga mag-aaral ay binibigyan ng sapat na oras upang ibahagi at makilahok.

Bukod doon, ang pangkatang talakayan ang pangalawang pinakamataas na nagustuhang estratehiya ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay hindi nag-aalangan sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya o mga sagot sa mga kasapi ng grupo. Sila ay aktibong magsalita dahil sila ay malayang nagbabahagi at nagpapalitan ng kanilang mga ideya sa kanilang kasapi ng kanilang grupo. Kitang-kita roon ang pagpapahalaga sa pagtutulungan at pagkakaisa maging sa pagtulong sa kapwa mag-aaral. Napansin ng mga tagamasid na napauunlad ang kanilang kakayahan na makihalubilo at bumuo ng mahusay na relasyon sa isang matagumpay na output.

Sa huli, ang pagsasadula ay isa rin sa pinakamataas na nagustuhan ng mga mag-aaral na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Ang mga mag-aaral ay aktibong nakilahok sa mga gawain dahil ito ay kinakailangan. Nakita nila na ito ay isang hamon kung paano sila magsasadula at ihahatid nang tama ang mga linyang kanilang sasabihin at ito ay ipinakita nilang may kahandaan at kasiyahan sa kanilang mukha. Ang mga mag-aaral ay napakamalikhain sa kanilang pagsasadula. Ang mga tagamasid ay naaliw sa nakitang pagsasadula ng mga mag-aaral. Sila ay namangha sa mga kasanayan sa pagkilos na ipinakita ng ilan sa mga mag-aaral. Napagtanto ng mga guro na ang ilan sa kanilang mga mag-aaral ay nagtataglay ng mga pambihirang kakayahan sa pagkilos.

Ang isang guro ay maaaring gumawa ng isang makabuluhang pagkakaiba sa kung paano ang isang mag-aaral ay maaaring matuto at pinahahalagahan ang panitikan (Barberos, Gozalo & Padayogdog, 2014). Samakatuwid, mayroong isang nakasalalay at pantulong na relasyon sa pagitan ng pagtuturo at pag-aaral. Ang pagkakaroon ng isang mahusay na pag-unawa sa kung paano matuto ang mag-aaral ay makakatulong sa mga guro na matukoy ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo, estilo, diskarte, pamamaraan, at mga teknik sa silid-aralan, sa gayon, ang mga estratehiya sa pagtuturo na ginagamit ng guro ay isang mahusay na kadahilanan sa pag-aaral ng mga mag-aaral (Brown et al., 2012). Walang punto sa pagbibigay ng kawili-wili, mahusay na handa na mga aralin sa wika kung ang mga mag-aaral ay hindi natututo mula sa kanila (Cook & Weber, 2013).

Ang pag-unawa at pagkilala sa kung paano natututo ang mga mag-aaral ay ang bahagi ng pagiging epektibo sa pagtuturo. Kailangan ng mga guro na tumutugma sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo ayon sa kung ano ang kawili-wili at kagustuhan sa mga mag-aaral. Ang mga gawain ay dapat naaayon hindi lamang sa kung ano ang kinakailangan ng paksa, kundi pati na rin sa kung ano ang nagpapaganyak sa mga mag-aaral na makilahok.

Talahanayan 1

Descriptive Statistics sa Antas ng Kagustuhan ng mga Estudyante sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino (n=120)

Variables	Mean	SD	Remarks
Pagsasadula	52.06	6.49	Pinakamataas
Pangkatang Talakayan	52.11	6.31	Pinakamataas

Paggawa ng mga Koneksyon
sa Tunay na Karanasan sa
Buhay

52.83

6.08

Pinakamataas

Kabuoan**Mean: 52.33****6.29****Pinakamataas**

Note: *Antas ng Kagustuhan: 49-60 (Pinakamataas); 38-48 (Mataas); 26-37 (Mababa); 15-25 (Pinakamababa)*

Pagsusuri sa Makabuluhang Kaibahan sa Antas ng Kagustuhan ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino

Inilalahad sa Talahanayan 2 ang pagsusuri sa makabuluhang kaibahan sa antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral sa mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino. Ito ay nagpapakita na walang makabuluhang kaibahan sa antas ng kagustuhan ng mga mag-aaral pagdating sa mga ginamit na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino sa panahon ng aktwal na pagmamasid sa silid-aralan. Ang p – value na 0.574 ay nangangahulugan na ang bawat estratehiya tulad ng pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay ay parehong epektibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino.

Ipinapahiwatig nito na ang persepyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng tatlong piling estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino ay magandang gamitin at gustong-gusto nila. Ang pag-access sa mga naunang kaalaman at mga karanasan ay isang mahusay na panimulang gawain sa pagtuturo ng mga aralin dahil ang bawat mag-aaral ay may mga karanasan, kaalaman, opinyon, at emosyon na maaari nilang makuha. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga mag-aaral kung paano kumonekta sa teksto mas mahusay na maunawaan nila ang kanilang binabasa (Sheikh & Mahmood, 2014). Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral na nakikipag-usap sa pangkatang talakayan ng grupo ay nagpapalalim ng kanilang pag-unawa at paging aktibo sa pamamagitan ng pag-uudyok sa kanila na bumuo ng kanilang sariling mga pananaw at marinig ang kanilang sariling mga boses. Ang isang mabuting paraan para sa pakikipag-ugnayan ay ang unang hakbang sa paghikayat sa mga mag-aaral na makipag-usap (Bristol et al., 2013). Higit pa rito, ang pagsasadula ay nagbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral na umarte ng mga sitwasyon na kung saan napauunlad nila ang kanilang kakayahan na makapagsalita at maipakita ang kanilang lakas ng loob sa partikular na sitwasyon (Nation, 2012).

Ang tatlong estratehiya sa pagtuturo ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong masangkot ang kanilang sarili sa proseso ng pag-aaral. Ang mga guro sa silid-aralan ay kailangang hayaan ang mga mag-aaral na matuto sa pamamagitan ng pagtuklas, pag-aanalisa, pagkilos at pagkonekta sa tunay na mga karanasan sa buhay. Kung mas maraming mga mag-aaral ang masasangkot sa proseso ng pagtuturo, maaaring maganap ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya, kailangang piliin ng mga guro ang angkop na mga estratehiya sa pagtuturo at planuhin kung paano ibabahagi ang mga aralin sa klase.

Talahanayan 2

Pagsusuri sa Makabuluhang Kaibahan sa Antas ng Kagustuhan ng mga Mag-aaral sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino

Variables	<i>F value</i>	<i>p value</i>	Remarks
Kagustuhan ng mga Mag-aaral sa Tatlong Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino	0.56	0.574	Walang Makabuluhan

Note: * $p < 0.05$ (makabuluhan); ** $p < 0.01$ (lubos na makabuluhan)

Antas ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino ayon sa mga Mag-aaral

Ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ukol sa paggamit ng estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino ay pinakamataas. Ang paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay na may mean na 53.26 ay ang estratehiyang ginamit sa pagtuturo na karamihan sa mga mag-aaral ay lubos na nakikilahok sa pasalitang partisipasyon. Ito ay sinundan ng pangkatang talakayan na may mean na 53.14 na inilalarawan din bilang

pinakamataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral at ang pagsasadula na may mean na 51.27, kapwa pinakamataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral ukol sa paggamit ng estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino.

Ang mga natuklasan para sa antas ng pakilahok ng mga mag-aaral ay nagpahiwatig na sa paggamit ng mga estratehiya na pagsadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay, nakuha ng guro ang pasalitang pakilahok ng mga mag-aaral. Kahit na ang antas ng kanilang pakilahok sa pasalita ay naiiba pagdating sa kanilang mean ay nagpapahiwatig pa rin itong pinakamataas. Sa paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay, ang mga mag-aaral ay interesadong makilahok sa talakayan. Ang gayong estratehiya ay madaling mauunawaan at ikonekta ng mga estudyante dahil sa kanilang mga karanasan sa tunay na buhay. Ito ay nagbigay pagkakataon sa mga mag-aaral na maibahagi ang kanilang nararamdaman at ideya.

Sa kabilang dako, ang pangkatang talakayan ay isa sa mga nagustuhan ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay nagbabahagi ng kanilang mga ideya at kasagutan sa kanilang pangkat. Ang pagpapalitan ng ideya ay napapaloob sa kanilang grupo na binubuo ng walo hanggang siyam na kasapi. Ang bawat isa ay binigyang pagkakataon na magbahagi ng kanilang kasagutan. Sa karagdagang impormasyon, sa pagsasadula ay mas nagiging makabuluhan ang kanilang pagkatuto. Ang pagtutulungan ng kanilang kasapi, pag-intindi sa paksang kanilang pinag-aralan at pagpapalano kung paano nila ito isasadula ay nakatutulong sa kanila na makilahok sa mga gawain. Napagmasdan ang kasiyahan at interes ng mga mag-aaral sa paggawa ng gawain.

Bilang karagdagan, ang mga estratehiya na ginamit sa pag-aaral ay hinarap sa uri ng mga mag-aaral sa kasalukuyan. Ang tinatawag na 'millennial' na kilala rin bilang 'henerasyon y', ang kasalukuyang henerasyon ng mga estudyante ay nagmamahal sa mga hamon at gusto nilang maging kasangkot sa proseso ng pagtuturo. Ang mga millennials ay hindi gustong umupo at making. Ang mga ito ay napaka-matanong at hinihingi ang kalayaan upang ipakita ang kanilang pagkamalikhain dahil maaari silang gumawa ng mga iba't ibang gawain. Kaya, ang mga estratehiya na inilad sa pananaliksik na ito ay nagawa ng mga mag-aaral na makilahok sa proseso ng pag-aaral na dinisenyo para sa mahabang pagkatuto.

Ang estratehiya sa pagtuturo ay binubuo ng mga prinsipyo at pamamaraan na ginagamit para sa pagtuturo. Ang pagpili ng mga estratehiya sa pagtuturo na gagamitin ay depende sa impormasyon o kasanayan na itinuturo, at maaaring maimpluwensyahan din ito ng estilo ng pag-aaral, kakayahan at sigasig ng mga mag-aaral (Kamboj & Singh, 2015). Maraming mga tagapaguro ang sumasang-ayon na ang epektibong pagtuturo ay tumutulong sa mga mag-aaral na mag-isip nang malalim, makipag-usap nang epektibo, matuto ng disiplina, bumuo ng isang pang-unawa sa sarili at sa iba at palakasin ang pagpapanatili ng pag-aaral sa sarili (Wang, 2014). Ipinapahiwatig ng maraming pag-aaral na ang mga mag-aaral na lumahok sa klase ay nagpapakita ng makabuluhang mga natamo sa totoong pag-alala, kaalaman at pag-unawa sa mga pagsusulit sa akademiko (Divsar, 2014).

Ang mga mag-aaral na nakikilahok nang pasalita sa klase ay nagpapahayag na sila ay natututo. Ang aktibong pakikipag-ugnayan at mga tugon sa pasalitang partisipasyon ng mga mag-aaral ay mga paraan ng pag-alam na ang pagkatuto ay nagaganap. Kailangan ng mga guro na matiyak na ang kanilang mga estudyante ay aktibong kasangkot sa mga aktibidad. Ang mga estratehiya para sa pagtuturo ng mga panitikan ay dapat na piliin batay sa kaangkupan nito upang ang pakikilahok sa mga mag-aaral ay nasa pinakamataas na antas.

Talahanayan 3

Descriptive Statistics sa Antas ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral ukol sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino ayon sa mga Mag-aaral (n=120)

Variables	Mean	SD	Remarks
Pagsasadula	51.27	5.98	Pinakamataas na Antas ng Kagustuhan
Pangkatang Talakayan	53.14	6.21	Pinakamataas na Antas ng Kagustuhan

Paggawa ng mga Koneksyon sa Tunay na Karanasan sa Buhay	53.26	6.43	Pinakamataas na Antas ng Kagustuhan
	Mean: 52.56	6.21	Pinakamataas

Kabuoan

Note: Antas ng Pakikilahok: 49-60 (Pinakamataas); 38-48 (Mataas); 26-37 (Mababa); 15-25 (Pinakamababa)

Pagsusuri sa Makabuluhang Kaugnayan sa Kagustuhan sa mga Estratehiya at Antas ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino

Ang mga piling estratehiya sa pagtuturo na pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay ay walang makabuluhang kaugnayan sa antas ng kagustuhan at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino (Talahanayan 4). Pinapatunayan sa talahanayan na ang pagsasadula ay may p – value na 0.087, ang pangkatang talakayan naman ay nagtamo ng p – value na 0.273 at ang paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay ay may p – value na 0.151 na nagpapahiwatig na wala talagang makabuluhang kaugnayan.

Ang resultang ito ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay gustong-gusto na may estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino. Kitang-kita sa panahon ng pagtuturo ang labis na kagalakan at kasiyan ng mga mag-aaral na kung saan ang mga estratehiyang ginamit ay nakatuon sa pagsasamang pagtutulungan sa pagkatuto. Hindi nakaaapekto ang kanilang pakikilahok sa anumang estratehiyang gagamitin ng guro.

Ang pagtuturo ng literatura sa mga mag-aaral ay nangangailangan ng pagkamalikhain, pagiging makabago at maparaan. Ito ay sa pamamagitan ng panitikan na pinahusay nila ang mga kritikal na kakayahan sa pag-iisip sa pag-aaral ng mga teksto ng pagbasa (Wyse et al., 2013). Sa pamamagitan ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng literatura, ang mga estudyante ay maaaring pinahalalagan kung paano mahalina at unawain ang mga tekstong pampanitikan na kanilang nabasa (Carter at McRae, 2014).

Malayang natuto ang mga mag-aaral sa anumang uri ng estratehiyang pampagtuturong gagamitin ng guro. Lubos silang matututo kung ito ay may kasaling kaakibat na mga gawain na magbibigay aliw sa kanila. Makikita rito ang kanilang kakayahan na makilahok sa mga gawaing ipinapagawa.

Talahanayan 4

Pagsusuri sa Makabuluhang Kaugnayan sa Kagustuhan sa mga Estratehiya at Antas ng Pakikilahok ng mga Mag-aaral Estratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino

Variables	F value	p value	Remarks
<i>Antas ng Kagustuhan at Pakikilahok sa:</i>			
Pagsasadula	0.441	0.087	Walang Makabuluhan
Pangkatang Talakayan	0.292	0.273	Walang Makabuluhan
Paggawa ng mga Koneksyon sa Tunay na Karanasan sa Buhay	0.376	0.151	Walang Makabuluhan

Note: * $p < 0.05$ (makabuluhan); ** $p < 0.01$ (lubos na makabuluhan)

V. KONKLUSYON

Ang pagsasadula, pangkatang talakayan at paggawa ng mga koneksyon sa tunay na karanasan sa buhay ay mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa Filipino. Ang mga partikular na estratehiyang pagtuturo na umaakit, nangangailangan ng aktibo at mataas na paglahok ay nakabibigay ng makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral. Ang mga gawain na nakalaan sa mga mag-aaral ay nagsisilbing pundasyon sa proseso ng pagkatuto at pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan. Ang mga estratehiya na ginagamit sa pagtuturo ay tumutukoy sa antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral.

TALASANGGUNIAN

- [1]. Sheikh, A., & Mahmood, N. (2014). Effect of different teaching styles on students' motivation towards English language learning at secondary level. *Sci. Int (Lahore)*, 26(20), 825-830. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/8wCz5f>
- [2]. Yamashita, J. (2013). Effects of extensive reading on reading attitudes in a foreign language. *Reading in a Foreign Language*, 25(2), 248. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/nhrmJ1>
- [3]. Kamboj, P., & Singh, S. K. (2015). Effectiveness of Selected Teaching Strategies in Relation to the Learning Styles of Secondary School Students in India. *Interchange*, 46(3), 289-312. Retrieved on December 17, 2017 from <https://link.springer.com/article/10.1007/s10780-015-9253-7>
- [4]. Jurik, V., Gröschner, A., & Seidel, T. (2014). Predicting students' cognitive learning activity and intrinsic learning motivation: How powerful are teacher statements, student profiles, and gender?. *Learning and Individual Differences*, 32, 132-139. Retrieved on September 18, 2017 from <https://goo.gl/jBGFRg>
- [5]. Keller, M. M., Goetz, T., Becker, E. S., Morger, V., & Hensley, L. (2014). Feeling and showing: A new conceptualization of dispositional teacher enthusiasm and its relation to students' interest. *Learning and Instruction*, 33, 29-38. Retrieved on September 18, 2017 from <https://goo.gl/dQRMs9>
- [6]. Wyse, D., Jones, R., Bradford, H., & Wolpert, M. A. (2013). *Teaching English, language and literacy*. Routledge. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/uhFs4C>
- [7]. Aggabao, R. G., & Guiab, M. R. (2014). Learning Activities in Studying Literature. *Researchers World*, 5(3), 48. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/yDwgh2>
- [8]. Pan, C. Y., & Wu, H. Y. (2013). The cooperative learning effects on English reading comprehension and learning motivation of EFL freshmen. *English Language Teaching*, 6(5), 13. September 20, 2017 from <https://goo.gl/0Jv70N>
- [9]. Carter, R., & McRae, J. (2014). *Language, literature and the learner: Creative classroom practice*. Routledge. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/qnuiep>
- [10]. Montó, E. O., Montó, E. E. O. M. O., Elena, E. O. M. O. M., & Montó, O. (2013). Teaching English as a foreign language in Spanish secondary schools: The value of literature. *English Teaching*, 12(1), 91. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/youXep3>
- [11]. Barberos M, Gozalo A, Padayogdog E (2014). The effect of the Teacher's Teaching Syle on Students motivation Action Submitted To: Lee Tzongjin, Ed.D. *Chapter I The Effect Of Teachers' Teaching Style On Student's Motivation*. Retrieved on November 20, 2017 from <https://goo.gl/HJztLa>
- [12]. Brown, E., Abidin, M. J. Z., Pour-Mohammadi, M., & Alzwari, H. (2012). EFL students' attitudes towards learning English language: The case of Libyan secondary school students. *Asian social science*, 8(2), 119. Retrieved on December 17, 2017 from <https://69.32.208.13/library/journal/1P3-2600454671/efl-students-attitudes-towards-learning-english-language>
- [13]. Cook, T. D. & Weber, S. J.(2013). Subject effects in laboratory research: An examination of subject roles, demand characteristics, and valid inference. *Psychological Bulletin*, 77(4), 273. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/jxEZek>
- [14]. Bristol, L., Kemmis, S., Wilkinson, J., Edwards-Groves, C., Hardy, I., Grootenboer, P.(2013). *Changing practices, changing education*. Springer Science & Business Media. Retrieved on November 20, 2017 from <https://goo.gl/kzT3we>
- [15]. Nation, P. (2012). Improving speaking fluency. *System*, 17(3), 377-384. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/q7YMPo>
- [16]. Wang, A. (2014). Managing Student Participation: Teacher Strategies in a Virtual EFL Course. *JALT CALL Journal*, 10(2), 105-125. Retrieved on September 18, 2017 from <https://eric.ed.gov/?id=EJ1107919>
- [17]. Divsar, H. (2014). A survey of the approaches employed in teaching literature in an EFL context. *Modern Journal of Language Teaching Methods*, 4(1), 74. Retrieved on December 17, 2017 from <https://goo.gl/C4G7P8>